DOCUMENT

# Gawad Plaridel Lecture 2016

Francisca Custodio

On 24 August 2016, the Gawad Plaridel, the highest award given by the University of the Philippines (U.P.) to outstanding media practitioners, was conferred by U.P. Diliman Chancellor Michael L. Tan in the presence of Professor Emeritus Dr. Nicanor G. Tiongson, and U.P. College of Mass Communication (CMC) Dean Rolando B. Tolentino, on **Ms. Francisca "Babes" Custodio**.

The U.P. Gawad Plaridel 2016 was awarded to Ms. Custodio for her recognition of the power of radio to revive an almost-forgotten oral literary form, the siday, which functioned as the radio vehicle that carried the voices of the ordinary citizens to freely express their sentiments about timely national and regional issues; for the importance she has given to Waray culture through programs on DYVL, amid the intensifying threats of commercialism and societal events that signal the slow death of indigenous culture and hamper the transformation made possible by local cultures; and for her continued commitment to truth, with conviction, courage, calm and compassionate reflection.

This issue of Plaridel publishes three documents relevant to the proclamation of Ms. Custodio as 2016 Gawad Plaridel awardee: first, the official citation which enumerates and describes the achievements for which Ms. Custodio being recognized; second, an essay on the life and works of the awardee by Elizabeth L. Enriquez; and third, the Gawad Plaridel speech of the awardee.

## The Gawad Plaridel 2016 Citation for Ms. Francisca Custodio

For her recognition of the power of radio to revive an almost-forgotten oral literary form, the *siday*, which functioned as the radio vehicle that carried the voices of the ordinary citizens to freely express their sentiments about timely national and regional issues, from themselves to others, from their homes to the government, from their communities to other communities, and from their community to the nation;

For the importance she has given to Waray culture through programs on DYVL, amid the intensifying threats of commercialism and societal events that signal the slow death of indigenous culture and hamper the transformation made possible by local cultures;

For using the Waray language in her programs on radio to deepen the discussions on various social issues: political, economic and cultural; and sectoral concerns: women, farmers, laborers, government employees, housewives, students, teachers, scholars, lawyers, activists, mothers, fathers, sisters and brothers, children, families, relatives and clans; in different circumstances: accidents, typhoons, tragedies, death, birth, happiness and celebration;

For her use of radio as a valuable tool in rendering public service, in a manner that preserves the dignity of those in need;

For providing a good example of diligence, which helped her rise from a position of ordinary employee of DYVL, to program anchor, to journalist, until she reached the highest position of station manager of what is now one of the recognized institutions in Eastern Visayas, while at the same time ensuring the welfare of the employees that serve under her;

For her continued commitment to truth, with conviction, courage, calm and compassionate reflection;

The UP College of Mass Communication awards the UP Gawad Plaridel to Francisca “Babes” Custodio this 24th day of August in the year 2016 at the Cine Adarna, UPFI Film Center, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

**ALFREDO E. PASCUAL**
President, University of the Philippines

**MICHAEL L. TAN, Ph.D.**
Chancellor. U.P. Diliman

**ROLAND B. TOLENTINO, Ph.D.**
Dean, U.P. College of Mass Communication

# Francisca "Babes" Custodio: Tagapangalaga ng Kulturang Waray sa Radyo

Elizabeth L. Enriquez



Mahigit kalahating siglo na ang itinagal ng paglilingkod ni Francisca Custodio sa kanyang mga kababayang Waray sa Silangang Bisaya sa pamamagitan ng radyo. Angkin ang kahanga-hangang sipag, tapang ng loob, at tiwala sa makabuluhang papel ng radyo sa pamayanan, walang sawa niyang ginagampanan ang niyakap na tungkulin—na imulat ang publiko sa mga usaping panlipunan sa pamamagitan ng paghahatid ng balita at kaalaman, at magdulot ng kaaliwan na nagpapayaman sa kultura at karanasan ng mga tagapakinig.

## Kabataan

Marahil ay maiuugat sa kanyang mga pinagdaanan mula pagkabata ang pagiging masikhayin ni Francisca—"Babes" sa kanyang mag-anak, mga kaibigan, at tagapakinig. Nag-iisang anak nina Francisco Binghoy at Antonia Custodio, ipinanganak siya nuong ika-6 ng Hunyo, taong 1946, sa Tacloban, Leyte. Maliit pa nang lisanin sila ng ama, kaya mag-isa siyang pinalaki ng ina. Sa edad na labindalawa ay nagtapos siya ng elementarya sa Rizal Central School noong 1958. Hindi gaya ng ibang bata na iniukol ang panahon sa pag-aaral at paglalaro lamang, nagsimulang maghanapbuhay si Babes noong nasa mataas na paaralan pa lang upang matulungan ang ina. Kapalit ng paglilinis ng bahay at pag-iigib ng tubig para sa mga tiyahing walang katulong sa bahay ang kanyang naging pamasahe at baon sa eskuwela hanggang makatapos siya ng mataas na paaralan sa Holy Infant College sa edad na labing-anim nuong 1962. Sa kabila ng hirap at kakulangan ng panahon para sa pag-aaral, nagtapos siya bilang salutatorian, at dahil dito ay nakapasok si Babes sa kursong Secretarial sa Divine Word University na may diskuwentong singkuwenta porsiyento sa matrikula.

Makaraan ang isang taon, natapos ni Babes ang kursong Secretarial nuong 1963, nang siya ay labimpitong taon, at nagsimulang magtrabaho sa

Emergency Employment Administration bilang typist. Nang sumunod na taon, lumipat siya sa Tacloban Telecom System. Habang ginagampanan ang tungkulin bilang telephone operator sa gabi, bumalik sa pag-aaral si Babes sa araw. Muling nagpatala sa Divine Word University, kinuha niya ang kursong Bachelor of Science in Education dahil sa kagustuhang matulad sa ina na isang guro. Ngunit nahirapan siyang ipagpatuloy ito dahil walang panahon upang mag-ensayo sa pagtuturo, na kailangan sa kurso, kaya makaraan ang isang taon, lumipat siya sa kursong Bachelor of Science in Commerce, major in Business Management. Samantala, nabalitang ipasasara ang Tacloban Telecom System. Kasabay nito ay inalok siya ng trabaho sa estasyon ng radyo ni Eduardo Montilla, ang unang station manager ng DYVL, na estasyon sa Tacloban ng Manila Broadcasting Company (MBC). Tinanggap niya ang alok, at habang nagtatrabaho sa mga departamento ng accounting at traffic[1] ng DYVL, patuloy siya sa pag-aaral hanggang makapagtapos siya ng kolehiyo nuong 1969.

## Panimula sa radyo

Hindi inakala ni Babes na mapapadpad siya sa radyo. Ni sa panaginip ay hindi niya ito hinangad. Dati ay tagapakinig lamang siya. Nasa ikalimang baytang pa lang nang mahilig siyang makinig sa mga drama sa himpapawid. Sinundan niya ang mga bituin sa drama sa radyo gaya nina Inday Dolina, Ric Radam, Eric Brandes, at Constancio Gallo. Kinagiliwan din niya ang mga programang paligsahan sa pag-awit, na idinaos sa plaza tuwing Linggo nang hapon at napakinggan sa himpapawid nang live. Kinaaliwan niya ang musika at kasabay nito ay pinagmasdan at pinag-aralan niya ang mga ginagawa ng mga tauhan ng DYVL upang itanghal ang palatuntunan. Habang nakatunganga sa hinangaang emcee na si Inday Dolina, pinangarap niyang makilala ito. Pinagtiyap naman ng tadhana na nang makapagtrabaho siya sa radyo, si Dolina ang kanyang naging superbisor.

Hindi agad naging tagapagbalitasi Babes. Nuong una ay nagsilbi bilang clerk sa departamento ng accounting sa DYVL. Noong kalaunan ay nasa departamento na rin siya ng traffic, at dito niya unang naging superbisor si Dolina. Nang malipat si Dolina sa punong himpilan ng MBC sa Maynila, si Babes ang humalili upang mamuno sa departamento ng traffic. Tumaas rin ang ranggo ni Montilla at ito man ay ipinatawag sa Maynila upang pamunuan ang pangkalahatang MBC. Humalili naman sa kanya bilang station manager

[1] Sa brodkasting, tinutukoy ng traffic ang pagtatakda ng detalyadong iskedyul ng mga programa at advertisement sa pamamagitan ng pang-araw-araw na log na matamang sinusundan ng mga anawnser, prodyuser, at direktor ng mga programa. Mahalaga ito lalo na sa mga komersiyal na estasyon dahil ito ang batayan ng pagtatakda ng presyo ng bawat segundo ng advertisement. Pagkatapos maisahimpa-pawid ang programa, batayan rin ang log sa pagsingil sa mga advertisers.

ng DYVL si Charlie Filamor, na siyang nagbukas ng pintuan upang marinig si Babes sa himpapawid. Una ay pinabasa siya ng patalastas na naka-rekord. Kalaunan ay hinayaan siyang magpatugtog ng plaka at magbigay ng oras nang live. Matindi ang nerbiyos niya sa umpisa, ngunit kalaunan ay nasanay din siya. Nang lumiban ang emcee ng isang palatuntunan dahil namalat ito, isinalang si Babes ni Filamor, at dito na nagtuloy-tuloy ang kanyang regular na mga programa sa radyo.

Dekada otsenta nang unang nagkaroon ng sariling programa si Babes habang patuloy sa pagpapatakbo ng departamento ng traffic, bilang emcee ng ***Search for Superwheel Singing Star***, isang paligsahan ng pag-awit. Kasabay nito, noong 1984, inatasan siya bilang operations manager ng DYVL. Sinundan ang ***Search for Superwheel Singing Star*** ng mga programang ***Diri Pa Kami Laos*** (Hindi Pa Kami Laos), na paligsahan din ng pag-awit ng mga matatanda na, at ***Wee Wee Jamboree***, na para naman sa mga bata. Bandang dekada nobenta ay naging bahagi siya ng programang pang-serbisyo publiko, ***Operation Bulig*** (Operation Tulong), bilang tagapanayam upang tukuyin kung kaninong doktor dapat isangguni ang inilapit na sakit ng dumulog na tagapakinig. Maliban dito ay naatasan din siyang magbigay ng mga gamot na hatol ng mga doktor na katuwang nila sa pagtulong sa mga dumudulog sa programa. Napagkamalan pa nga siyang doktor dahil dito. Hindi nagtagal at siya na ang tagapagbalita ng ***Operation Bulig***. Dito na nagsimulang magkomentaryo si Babes sa mga isyung nakakaharap sa palatuntunan. Sinundan ito ng pagbabasa ng balita.

## Paglawak ng tungkulin

Habang ginagampanan ang tungkulin bilang tagapagbalita sa DYVL, inatasan si Babes na maging station manager ng DYTM-FM, kapatid na estasyon ng DYVL, na may pormat na puro musika. Patuloy na lumago ang karanasan ni Babes at tumaas ang antas ng kanyang mga responsibilidad. Noong 1994, inilipat ng MBC si Filamor sa Maynila at si Babes naman ang inatasang maging station manager ng DYVL, isang tungkuling patuloy niyang ginagampanan hanggang sa kasalukuyan.

Serbisyo publiko ang isang uri ng programang tinutukan ni Babes bilang station manager. Lumawak ang sakop na mga serbisyo ng ***Operation Bulig*** kaya nanganak ito ng iba pang programa, gaya ng ***Kasayuran Ha Balaud*** (Kaalaman sa Batas), na nagbibigay ng libreng tulong mula sa mga abugado, sa pakikipagtulungan ng DYVL sa Integrated Bar of the Philippines. Samantala, ang mga paksang may kinalaman sa kalusugan ang tinatalakay ng mga panauhing doktor mula sa Leyte Medical Society sa programang ***Salamat po, Doktor***. Maliban sa mga regular na programa, sinusuportahan ng DYVL ang kampanya ng Philippine National Red Cross at iba pang

grupong sibiko. Laging nangunguna si Babes sa himpapawid kapag may mga kalamidad, gaya ng bagyo at paglubog ng barko, upang magbigay ng tumpak at tiyak na impormasyon at ihingi ng tulong ang mga nasalanta.

Mahalaga kay Babes ang kulturang lokal kaya inalagaan din niya ang mga palatuntunang gaya ng ***Boses Han Musika*** (Himig ng Musika), na nagtatanghal ng mga musikang pang-harana at mga baguhang mag-aawit na nagbibigay ng makabagong pagpapakahulugan sa mga tradisyonal na awiting Waray. Itinatampok din sa palatuntunan ang mga kompositor na Waray at kanilang komposisyon, na hinihikayat ni Babes na magsahimpapawid upang marinig ng publiko.

## Pagpapayaman ng kultura

Pambihira sa larang ng media ang mga ambag ni Babes sa pagpapayaman ng kultura sa pamamagitan ng radyo, partikular ang kulturang Waray. Malawak ang pagkilala sa kanya bilang instrumento ng muling pagbibigay-buhay sa *siday*, isang uri ng tula sa wikang Waray at katutubo sa Silangang Bisaya. Nag-ugat ang programang ***DYVL Siday*** sa mga maiikling kasabihan sa Waray, na kung tawagin ay *puplonganon*, na binasa ni Babes sa umpisa ng kanyang balita sa umaga simula noong 1979. Layunin ni Babes na panatilihing buhay ang wikang Waray sa pamamagitan ng puplonganon dahil napapansin niyang higit na ginagamit ng kabataan ang Ingles at Tagalog at tila nalilimutan na ang Waray.

Makaraan ang isang taon, iminungkahi ni Filamor na paanyayahan ang mga tagapakinig na magpadala ng kanilang sariling kathang puplonganon, na naghahayag ng mga damdamin at isip ng mga tagapakinig hinggil sa mga isyung pangkasalukuyan. Sa dami ng mga tumugon sa anyaya, hindi naglaon at nagprodyus si Babes ng palatuntunang para dito lamang. Patuloy na dumagsa ang padalang puplonganon ngunit marami ay higit na mahaba sa pangkaraniwang puplonganon at may anyo nang siday, na kadalasan ay binubuo ng isa hanggang dalawa, kung minsan ay tatlong taludtod ng tula. Siday ang tradisyonal na panulat ng mga intelektuwal sa Silangang Bisaya, at ito ay halos nakalimutan na ng makabagong henerasyon hanggang buhayin itong muli sa pamamagitan ng radyo. Dahil sa palatuntunan, hindi lamang mga manunulat ng panitikan sa Waray ang ginanahang magsulat ng siday kundi maging mga pangkaraniwang mamamayan ay sumulat nito, taglay ang kanilang mga pananaw sa mga usaping gaya ng politika at pamahalaan, kalikasan at kapaligiran, kultura at edukasyon, at iba pang isyung panlipunan.

Kalaunan ay naging paligsahan ang palatuntunan at naging tanging daan ng publikasyon ng siday ang DYVL. Umulan ang papuri kay Babes mula sa rehiyon at maging sa bansa dahil sa mga pagsisikap niyang paunlarin ‘di

lamang ang wikang Waray kundi maging ang panitikang Waray. Bahagi ng pagkilalang ito ang isang aklat ng koleksiyon ng siday na sumahimpapawid sa DYVL, na inilimbag noong 2005. May titulong ***Mga Siday Han DYVL***, pinondohan ng National Commission for Culture and the Arts, pamahalaang panlalawigan ng Leyte, at ng University of the Philippines Tacloban Writing Workshop ang aklat, na pinamatnugutan ng makatang si Merlie Alunan.

## Mga hamon at prinsipyo

Dumaan sa maraming pagsubok si Babes nang maging station manager. Naranasan niyang mahabla ng libelo dahil sa ilang kontrobersiyal na balitang isinahimpapawid ng ilan niyang mga tagapagbalita nang hindi muna kinuha ang lahat ng panig. Bagamat nanalo sa kaso, dahil sa insidente ay nabuo ang mga prinsipyong sinusundan ng DYVL sa pagbabalita, na nakasandig sa pagiging responsableng estasyon ng radyo sa Silangang Bisaya. Una, ang maingat na pagsasaliksik ng lahat ng panig ng mga isyu sa balita, lalo na kung kontrobersiyal ang mga ito. Gayundin, ang mga tagapagbalita ay hindi tagabasa lamang ng balita kundi sila rin ang naghahanap ng balita at sumusulat nito. Dahil dito ay lumalalim ang kaalaman at pag-unawa nila sa mga isyu at may kumpiyansa nilang natatalakay ang mga ito sa himpapawid.

Malinaw ang prinsipyong gumagabay kay Babes, na lagi niyang ipinaaalala sa mga kasamahan, lalo na sa mga tagapagbalita—na pangalagaan ang kredibilidad bilang tagapagbalita at dignidad bilang tao sa pamamagitan ng pag-iingat na hindi mabahiran ng korupsiyon at hindi maimpluwensiyahan ng mga pansariling interes. Para sa kanya, walang halaga ang isang tapgapagbalita kung wala itong kredibilidad, kung kaya't hindi ito dapat ipagbili.

Panay rin ang paalala niyang bantayan ang kalayaan ng pamamahayag dahil ito aniya ang tagapangalaga ng iba pa nating kalayaan bilang mamamayan. Naniniwala si Babes na mahalaga ang papel ng brodkast sa pag-iingat sa kalayaan ng pamamahayag, na kasangkapan sa malayang palitan ng mga mamamayan ng kanilang mga damdamin at kaisipan, na kasangkapan sa pagbuo ng opinyong pampubliko at paghahanap ng sagot sa kanilang mga suliranin.

Marahil ang pinakamalaking pagsubok na dinaanan ni Babes bilang station manager ng DYVL ang bagyong Yolanda, na kumitil sa buhay ng libo-libo, na karamihan ay nasa Tacloban, nang tumaas nang mala-dambuhala ang tubig dagat dahil sa bugso ng napakalakas na hanging dala ni Yolanda noong 2013. Kabilang sa nilamon ng dagat ang isa niyang technician, isang anawnser, at apat na kabilang sa pamilya ng kanyang janitor. Kasama siyang nasa himpilan nang humampas ang tubig at muntik din siyang tangayin nito

kung hindi siya nahatak ng isang kasamahan. Sa gitna ng pagkagimbal sa nasaksihang kamatayan at pagkawasak ng buhay at kabuhayan, sinikap ni Babes na makabalik sa himpapawid ang DYVL kahit inangkin ng dagat ang lahat ng kagamitan ng estasyon maliban sa transmitter nito. Sa kabutihang palad ay dumating mula sa Maynila ang mga tauhan ng DZRH, punong himpilan ng MBC, na may dalang ilang gamit. Makaraan ang dalawang araw matapos ang sakunang hatid ng delubyo, nakabalik sa himpapawid ang DYVL bilang tanging estasyon ng radyo na nakapaghatid ng impormasyon at serbisyo publiko sa mga araw at linggong sumunod habang bumbangon ang mga nasalanta mula sa siphayong dulot ng kalamidad.

## Saan patungo

Hindi pa ganap na nakababangon ang DYVL mula sa pinsalang dulot ni Yolanda, ngunit buo ang pag-asa at paniniwala ni Babes na makababawi ito at mapananatili ang pagiging pinakatanyag na estasyon ng radyo sa Silangang Bisaya, isang karangalang maraming taon nang tangan ng DYVL. Bahagi ng mga balak niya ang pagbili ng bagong transmitter na higit na malakas sa kasalukuyan nilang gamit na may 10 kilowatts. Sinisikap din niyang palakasin ang tindig ng DYVL sa internet upang 'di lang marinig ang mga tinig ng estasyon kundi makita rin sila ng mga tagapakinig, maging sa labas ng Silangang Bisaya. Tiwala si Babes na hindi mawawala ang radyo maging sa harap ng popularidad ng telebisyon at digital media. Aniya, kapag panahon ng sakuna at kalamidad at naputol ang kuryente, radyo lang ang nananatili dahil sa teknolohiya ng transistor radio.

Matatag ang pananalig ni Babes sa magandang kinabukasan ng DYVL dahil rin sa malaking tiwala niya sa kanyang mga tauhan, na ipinagmamalaki niya dahil sa sipag, dedikasyon, at katapatan ng mga ito sa tungkulin sa estasyon at sa mga tagapakinig nito. Subok na nila ang isa't isa, na hindi bumibitaw, sa harap ng mabuti man o masamang kapalaran o katayuan. Kaya nang hinagupit sila ng matinding pagsubok gaya ni Yolanda, sama-sama silang nakabangon at nakabalik sa himpapawid sa loob ng dalawang araw sa kabila ng pagkasawi ng ilang kasamahan, pagkawala ng mga kagamitan, at mariing dagok sa kanilang mga pansarili o personal na buhay at kabuhayan.

Pinahahalagahan din ni Babes ang estilo ng pangangasiwa ng MBC nitong nakaraang ilang taon, na dito ay naging kasosyo ng MBC ang mga station managers sa mga lalawigan sa pagpapatakbo ng negosyo ng brodkast. Sa kaayusang ito, hati ang MBC at kanilang mga lokal na estasyon ng radyo gaya ng DYVL sa puhunan at maging sa kita. Bagamat noong una ay nangamba sa mabigat na responsibilidad na naatang sa kanya, buong lakas ng loob na pinanindigan ni Babes ang hatian, at dito napatunayan 'di lamang

ang galing niya bilang brodkaster kundi pati ang husay niya sa pagpapatakbo ng negosyo. Isinasaalang-alang din ni Babes ang responsibilidad niya sa mga tauhan, na ang ikinabubuhay ay trabaho sa DYVL, kaya sinikap niyang maigpawan ang hamong ito.

Dahil sa haba ng panahong walang kapagurang paglilingkod ni Babes sa DYVL at sa mga tagapakinig nito, halos nalimutan na niya ang sarili. Hindi na nakapag-asawa, ngunit itinuturing niyang kasal siya sa tungkulin. Gayundin, maligaya siya sa pag-aalaga sa pamangkin at mga apo sa pamangkin. Sa edad na sitenta, hindi na siya nagpaplano ng kinabukasan. Sinisikap na lang niyang ipagpatuloy ang pangako sa sarili na tumulong sa kapwa sa pamamagitan ng radyo. Ang tangi na lang niyang pangarap – ang maalala siya bilang si Ate Babes, na kayang makihalubilo sa kanino man, na karamay ng lahat sa hirap at ginhawa, na madaling lapitan ng sinumang nangangailangan.

## Gawad Plaridel para kay Babes

Marami nang karangalang tinamo si Babes, gaya ng Media Women for Women Award na iginawad ng Philippine Information Agency nuong taong 2008, Outstanding Service to the Department of Health nuong taong 1992, at Outstanding Woman of the Year for Media mula sa Leyte Federation of Women's Clubs nuong taong 1990.

Ngayong taong 2016, muling kikilalanin si Babes—Francisca Custodio—sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanya ng **UP Gawad Plaridel** mula sa Unibersidad ng Pilipinas Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla. Ang pagkilala sa kanya ay hindi lamang dahil sa paggamit niya sa radyo bilang isang mabisang instrumento sa serbisyo publiko, kundi higit sa lahat, dahil sa pagbibigay niya ng halaga sa wika at kulturang Waray sa mga programa ng DYVL sa iba't iba niyang programa sa radyo upang higit na mapalalim ang mga talakayan sa sari-saring usaping panlipunan sa Silangang Bisaya. Sa kanyang pagsisikap na buhayin ang *siday*, isang anyo ng panitikang tradisyonal na gamit sa Silangang Bisaya upang magpahayag ng saloobin at kaisipan sa pamamagitan ng tula, pinatunayan niyang may malaking magagawa ang media sa pagpapanatiling buhay at pagpapayabong ng mga kulturang Filipino. Tiwala ang UP na magsisilbi siyang mabuting halimbawa sa mga kapwa brodkaster at mga kabataang naglalayong maging brodkaster, upang makatulong na matupad ng media ang mga makabuluhang papel nito sa lipunan.



Ms. Francisca "Babes" Custodio accepts the UP Gawad Plaridel (2016) Award. From left: Professor Emeritus Dean Nicanor Tiongson, UP Diliman Chancellor Michael Tan, Ms. Francisca Custodio, and CMC Dean Elena E. Pernia. (Photo courtesy of Paul Caisip and the Office of Extension and External Relations)

## Gawad Plaridel 2016 Acceptance Speech

*Freancisca Custodio*

Distinguished guests and members of the University of the Philippines' Academic Community, ladies and gentlemen...

Thank you for giving me the 2016 Gawad Plaridel Award.

Today, more than ever before, this distinct recognition sends a message from the University to me and my colleagues in the province where I come from:

> "Even so we far parted, seek the same Truth, the Freedom
> and the Light"....

Of course we have been told that there's no more Truth with a capital "T", that instead, there are only local truths, because truth as the ancients have understood it has been dismembered like the limbs of Osiris and scattered into the ends of the earth.

Still, there are some of us who dare to affirm that freedom and light are worth pursuing; that freedom to think in the light of reason and compassion

enables us all to discern truth (even only the local truth) and prefer it to falsehood.

We do live in interesting times. I suppose the world has ever been interesting. We, in the mass media, not only record and comment on this, we even provide some of the tang and flair and flavor of what makes the world interesting.

In times like these when mutual uneasiness even suspicion and resentment marks the relationship between the press and the powers-that-be, it is right to re-state a timeless principle.

This principle says: the freedom of the press guards our other freedoms.

This principle holds true not just in theory, but specially in practice. Without the freedom to articulate their views, freely and openly, how would the sentiments of people be known?

The constitution states…"sovereignty resides in the people " which means that the men and women who are called "public servants" as they exercise their functions, authority and power actually derive authority and power from the people whom they serve.

This seems like a contradiction and a paradox : our so-called "public servants" wield power and authority over us the people, who are supposed to be their masters.

But this seeming contradiction is clarified and resolved by the fact that these persons who hold the reins of government in the local and national levels have been elevated to power through the "will" and "consent" of the citizens.

How did this happen? Through elections.

In other words , an election is a mechanism in a democratic society where the sovereign people of a state "willingly consent" to put their trust in candidates who promise to work for the interest and welfare of the voters. Winners of elections (granting that the elections have been reasonably honest) may be said to embody the hopes and aspirations of the people.

Which is to say that an election facilitates a government by consent.

Conversely, this also means that if public officials betray the trust and confidence of the citizens who placed them in positions of power, the very same people may remove and replace them with new officials in another elections.

Here then is the *raison d' etre* (reason for being) of an independent, free and militant press. Without the mass media—broadcast, print and other outlets (including social media), how would the people know about the doings of public servants? Without a free press, how can a rational and intelligent public opinion, a critical factor in a democratic society, be

formed? Without a militant media, how can a meaningful discussion of issues affecting the workings of government be possible?

Finally, without an open discussion of issues, how can the people know if the men and women in whom the people reposed their trust are fulfilling what they promised to do?

The press does not always have to take an adversarial stance *vis-à-vis* the government. But neither should it be pliant, anemic or subservient.

Every administration almost always, in varying shades of sincerity, vow to be transparent in informing the people of its doings.

But let's face it and get real. Experience shows that, too often, those in power do their utmost to "conceal" certain goings-on in the corridors of power and burnish their image by hiring public relations officers

A free press must reveal what is being concealed. It must do this accurately, fearlessly, truthfully. The press must expose the evils that are being hidden in order to shape and galvanize the public to oppose these evils.

Journalists, fallible human beings that they are, have their frailties and failings. Some of them even fail to live up to the norms of ethical journalistic conduct.

But flaws and failings considered, they do not invalidate the crucial role of the press in sustaining democracy.

Sometimes, powerful officials caught in the line of fire of criticism would complain. Who are these journalists who have the temerity to interfere with us? What gives them the right to criticize us when they have not been elected by the people?

Our reply is the reply that many of our colleagues have made then and now: we, in the mass media have been elected by our listeners and readers. We undergo an election, not just 3 or 6 years. We go through an election every day.

Every time we write, every time we raise our voice to broadcast news and comment in print or radio, every time we expose questionable transactions of some individuals and groups in privileged positions, we put our credibility and reputation at stake. At times some of our colleagues put their lives on the line. And to our horror and grief, sometimes they pay the ultimate price for it..

In conclusion, let us remember what a great American president said when some of his cabinet officials, irked by the press, told him to run after the press. This is what Abraham Lincoln said "let's allow the press to do its work while we do ours. If what we're doing is wrong, ten thousand angels signing an affidavit attesting to our being wrong would not harm us, but

if what we are doing is wrong ten thousand devils bearing witness and swearing that we are right, would not make any difference."

Thank you again for this award. And thank you for your gracious indulgence in letting me share my thoughts on the Press, the People and the Government, which I have done in the faith that…

"Even so we far parted, seek the Truth, the Freedom and the Light"